

BAKUNA SA BUNI


ANG KAILANGAN NINYONG MALAMAN

Maraming Pahayag ng Impormasyon Tungkol sa Bakuna na makukuha sa Espanyol at iba pang mga wika. Tingnan ang www.immunize.org/vis.

1 Ano ang buni?

Ang buni ay isang masakit na singaw o butlig-butlig sa balat, madalas na may mga paltos. Ito ay tinatawag ding Herpes Zoster, o Zoster lamang.

Ang butlig-butlig ng buni ay karaniwang lumilitaw sa isang panig ng mukha o katawan at tumatagal ng mula 2 hanggang 4 na linggo. Ang pangunahing sintomas nito ay pananakit, na maaaring matindi. Sa ibang mga sintomas ng buni ay maaaring kabilang ang lagnat, sakit ng ulo, ginaw at masakit na tiyan.



Bagaman bihirang-bihira, ang impeksyon ng buni ay maaaring humantong sa pulmunya, mga problema sa pandinig, pagkabulag, pamamaga ng utak (encephalitis) o pagkamatay.

Para sa humigit-kumulang na 1 tao sa 5, ang matinding pananakit ay maaaring magpatuloy kahit matagal nang nawala ang butlig-butlig. Ito ay tinatawag na **post-herpetic neuralgia**.

Ang buni ay dulot ng virus na Varicella Zoster, ang kaparehong virus na nagiging sanhi ng bulutong-tubig.

Ang isang tao lamang na nagkaroon na ng bulutong-tubig – o, bihira, tumanggap na ng bakuna sa bulutong-tubig – ang maaaring magkaroon ng buni. Ang virus ay namamalagi sa iyong katawan, at maaaring maging sanhi ng mga buni pagkaraan ng maraming taon.

Hindi ka maaaring mahawa ng buni mula sa ibang taong may buni. Gayunman, ang isang taong hindi pa nagkakaroon ng bulutong-tubig (o hindi pa nakakatanggap ng bakuna sa bulutong-tubig) ay maaaring magkaroon ng **bulutong-tubig** mula sa isang taong may buni. Ito ay hindi masyadong karaniwan.

Ang buni ay mas karaniwan sa mga taong 50 taon ang edad at mas matanda kaysa mga nakababatang tao. Ito ay mas karaniwan din sa mga taong ang mga sistema ng panlaban sa sakit ay naging mahina dahil sa isang sakit na tulad ng kanser, o mga droga na tulad ng mga steroid o chemotherapy.

Hindi kukulangin sa 1 milyong tao sa isang taon sa Estados Unidos ang nagkakaroon ng buni.

2 Bakuna sa buni

Ang isang bakuna para sa buni ay nilisensiyahan noong 2006. Sa mga pagsubok sa klinika, ang bakuna ay nagbawas ng 50% sa panganib ng buni. Ito ay nakakabawas din ng pananakit sa mga tao na nagkaroon pa rin ng buni pagkatapos bakunahan.

Ang isang dosis ng bakuna sa buni ay inirerekomenda sa mga may sapat na gulang na 60 taon ang edad at mas matanda.

3 May mga tao na hindi dapat tumanggap ng bakuna sa buni o dapat maghintay

Hindi dapat tumanggap ng bakuna sa buni ang isang taong:

- nagkaroon na ng nagbabanta-sa-buhay na reaksiyong alerhiya sa gelatin, sa antibayotikong neomycin, o anumang ibang sangkap ng bakuna sa buni. Sabihin sa iyong doktor kung mayroon kang anumang malulubhang alerhiya.
- may mahinang sistema ng panlaban sa sakit dahil sa kasalukuyang:
 - AIDS o ibang sakit na nakakaapekto sa sistema ng panlaban sa sakit,
 - paggamot sa pamamagitan ng mga droga na nakakaapekto sa sistema ng panlaban sa sakit, tulad ng matagal na paggamit ng mataas na dosis ng mga steroid,
 - paggamot sa kanser kagaya ng radiation o chemotherapy,

- kanser na nakakaapekto sa utak ng buto o sistemang lymphatic, tulad ng leukemia o lymphoma.
- buntis, o maaaring buntis. Ang mga babae ay hindi dapat maging buntis hanggang hindi kukulangin sa 4 na linggo pagkaraang tumanggap ng bakuna sa buni.

Ang isang taong nagtataglay ng hindi gaanong malalang sakit, tulad ng sipon, ay maaaring bakunahan. Pero ang sinumang may katamtaman o malalang sakit ay karaniwang dapat maghintay hanggang gumaling bago tumanggap ng bakuna. Kabilang dito ang sinumang may temperaturang 101.3° F o mas mataas.

4 Ano ang mga panganib mula sa bakuna sa buni?

Ang isang bakuna, tulad ng anumang gamot, ay maaaring maging sanhi ng mga seryosong problema, tulad ng malulubhang reaksiyong alerhiya. Gayunman, ang panganib na ang bakuna ay maging sanhi ng seryosong pinsala, o pagkamatay, ay napakaliit.

Walang mga seryosong problema na naiugnay sa bakuna sa buni.

Mga Banayad na Problema

- Pamumula, pananakit, pamamaga, o pangangati sa lugar na binigyan ng iniksiyon (humigit-kumulang na 1 tao sa 3).
- Sakit ng ulo (humigit-kumulang na 1 tao sa 70).

Tulad ng lahat ng mga bakuna, ang bakuna sa buni ay sinusubaybayang mabuti para sa mga hindi pangkaraniwan o malulubhang problema.

5 Paano kung may katamtaman o malubhang reaksiyon?

Ano ang dapat kong hanapin?

Anumang hindi pangkaraniwang kalagayan, tulad ng malubhang reaksiyong alerhiya o mataas na lagnat. Kung ang malubhang reaksiyong alerhiya ay mangyari, ito ay sa loob ng ilang minuto hanggang isang oras pagkatapos ng iniksiyon. Sa mga palatandaan ng malubhang reaksiyong alerhiya ay maaaring kabilang ang paghihirap huminga,

panghihina, pamamalat o paghuhuni, mabilis na tibok ng puso, pamamantal, pagkahilo, pamumutla, o pamamaga ng lalamunan.

Ano ang dapat kong gawin?

- **Tumawag** ng doktor, o dalhin kaagad sa doktor ang tao.
- **Sabihin** sa doktor kung ano ang nangyari, ang petsa at ang oras na nangyari ito, at kailan ibinigay ang bakuna.
- **Sabihin** sa inyong tagapagkaloob ng pangangalaga na iulat ang reaksiyon sa pamamagitan ng paghaharap ng isang form ng Sistema ng Pag-uulat ng Masamang Pangyayari sa Bakuna (Vaccine Adverse Event Reporting System, VAERS). O puwede ninyong iharap ang ulat na ito sa pamamagitan ng website ng VAERS sa www.vaers.hhs.gov, o sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-800-822-7967**.

Ang VAERS ay hindi nagkakaloob ng payong medikal.

6 Paano ako makakakuha ng karagdagang kaalaman?

- Magtanong sa iyong doktor o ibang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan. Maaari silang magbigay sa iyo ng paningit na pakete ukol sa bakuna o magmungkahi ng ibang mga pinagkukunan ng impormasyon.
- Makipag-ugnayan sa Mga Sentro ng Pagkontrol at Pagpigil sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC):
 - Tawagan ang **1-800-232-4636 (1-800-CDC-INFO)**
 - Bisitahin ang website ng CDC sa www.cdc.gov/vaccines



U.S. DEPARTMENT OF HEALTH AND HUMAN SERVICES
CENTERS FOR DISEASE CONTROL AND PREVENTION

Vaccine Information Statement
Shingles Vaccine IMM-868TAG – Tagalog (10/6/2009) 42 U.S.C. §300aa-26
Translated by Transcend Translations, Davis, CA www.transcend.net